

UGAT NG PUSO NG BAYAN

by:

Christian E. Canta

Teacher II, Bonifacio Camacho National High School

Sa bawat pahina ng librong Filipino, muling bumubukas ang landas tungo sa ating pinagmulan. Hindi ito basta asignatura na itinaturo para sa grado, kundi isang paalala ng ating pagkatao. Isang tulay na bumabalik sa kasaysayan at kultura ng sambayanang Pilipino.

Ang pagtuturo ng Filipino ay higit pa sa pagtutuwid ng gramatika o pagsusuri ng akda. Ito ay paglalakbay sa diwang Pilipino, kung saan bawat salita ay naglalaman ng alaala, bawat tula ay tumitibok ng damdaming makabayan, at bawat talata ay sumasalamín sa mga panahong tayo ay lumaban, umasa, at nanalig.

Sa loob ng klasrum, habang binubuo ang mga pangungusap at sinusuri ang mga akdang pampanitikan, tahimik na muling binubuo ang koneksyon ng kabataan sa kanilang lahi.

Ang mga aralin ay tila mga salamin kung saan nakikita ang paglalaban ng dangal, ang tagumpay ng tapang, at ang kahulugan ng pagiging bahagi ng isang bayang mayaman sa kultura at pagkakakilanlan .

Sa pamamagitan ng panitikan, kasaysayan, at wika, hinuhubog ang kamalayang makabansa. Sa bawat alamat na binibigyang-buhay, sa bawat epikong pinag-uusapan, sa bawat sanaysay na sinusuri, unti-unting bumabalik ang tinig ng mga ninuno na minsang sinikap patahimikin. Ang Filipino ay nagsisilbing tahanan ng mga alaala, at sa pagtuturo nito, muling binubuhay ang mga pananampalatayang nilimot at mga pangarap na pinanday ng panahon.

Ang kultura ng isang bayan ay hindi kailanman nalalayo sa wikang kanyang ginagamit. Kaya't sa pagtuturo ng Filipino, nabibigyang saysay ang mga gawi, paniniwala, at damdaming likas sa ating pagkatao. Ang kasaysayan ay hindi lang mga petsa sa libro, kundi buhay na karanasang bumuo sa bawat isa – at sa Filipino, nabibigyan ito ng tinig, kulay, at damdamin.

Kahit sa harap ng pagbabago sa kurikulum, kahit sa gitna ng mabilis na pag-usbong ng teknolohiya, ang Filipino ay patuloy na nagbibigay ng lalim sa ating edukasyon. Hindi man kasing ingay ng agham o teknolohiya sa mga balita, nananatiling tahimik ngunit matatag ang papel ng wika sa paghubog ng puso't isipan.

Sa pag-aaral ng Filipino, nahahasa ang kakayahang mag-isip nang malalim, magtanong nang makabuluhan, at tumindig para sa katotohanan. Hindi lamang ito pagbasa, kundi pag-unawa. Hindi lamang ito pagsusulat, kundi paglikha ng bagong pananaw. At hindi lamang ito pagtuturo, kundi paglinang ng pagmamalasakit sa bayan.

Ang Filipino ay asignaturang may kaluluwa. May lakas, may lalim, at may pagmamahal. Sa bawat salitang natututuhan, sa bawat kulturang kinikilala, sa bawat kasaysayang kinikintal sa puso, nagkakaroon tayo ng mas matibay na pagkakakilanlan. At sa pagkakakilanlang ito, nagsisimula ang tunay na pagkakaisa.

References:

<https://www.scribd.com/document/450054549/Ang-Wika-At-Kultura>